Ascension
Providence Rochester
Hospital

Exhibit D

ASCENSION PROVIDENCE ROCHESTER

Ascension Providence Rochester Hospital

Buod ng Patakaran sa Tulong Pinansiyal

May panata sa at iginagalang ng Ascension Providence Rochester, kabilang ang mga ministri ng kalusugan na nakalista sa itaas, ang dignidad ng bawat tao nang may espesyal na malasakit sa mga nahihirapan sa mga hadlang sa pang-access sa mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan. May pantay na panata ang Ascension Providence Rochester na pamahalaan ang mga mapagkukunan ng pangangalaga ng kalusugan bilang serbisyo sa buong komunidad. Sa pagtataguyod ng mga prinsipyong ito, nagbibigay ang Ascension Providence Rochester ng tulong pinansiyal para sa ilang indibidwal na tumatanggap ng pang-emergency o iba pang kinakailangang pangangalagang medikal mula sa Ascension Rochester. Nagbibigay ang buod na ito ng maikling pangkalahatang-tanaw sa Patakaran ng Ascension Providence Rochester sa Tulong Pinansiyal.

Sinu-sino ang Kwalipikado?

Maaari kang makatanggap ng tulong pinansiyal kung nakatira ka sa Oakland, Macomb, o Lapeer county. Natutukoy ang tulong pinansiyal sa pamamagitan ng kabuuang kinikita ng sambahayan na inihahambing sa Pederal na Antas ng Kahirapan. Kung mas mababa sa o katumbas ng 250% ng Pederal na Antas ng Kahirapan ang kinikita mo, maaari kang makatanggap ng 100% kawanggawang pangangalaga na write-off sa bahagi ng singil na may pananagutan ka. Kung ang kinikita mo ay mas mataas sa 250% ng Pederal na Antas ng Kahirapan ngunit hindi lampas sa 400% ng Pederal na Antas ng Kahirapan, maaari kang makatanggap ng diskuwento sa sliding scale. Kung may medikal na utang ka para sa emergency at kinakailangang medikal na pangangalaga na nakahihigit sa kinikita mo, maaari kang makatanggap ng diskuwento. Kung may mga asset ka na mas mataas sa 250% ng halaga ng iyong kinikita sa Pederal na Antas ng Kahirapan, maaaring hindi ka maging kwalipikado para sa tulong pinansiyal. Ang mga pasyenteng karapat-dapat para sa tulong pinansiyal ay hindi sisingilin nang mas malaki para sa karapat-dapat na pangangalaga kaysa sa mga halagang karaniwang siningil sa mga pasyenteng protektado ng insurance.

Anu-anong Serbisyo ang Protektado?

Nalalapat ang Patakaran sa Tulong Pinansiyal sa pang-emergency at iba pang kinakailangang tulong medikal. Inilalarawan ang mga tuntuning ito sa Patakaran sa Tulong Pinansiyal. Hindi saklaw ng Patakaran sa Tulong Pinansiyal ang lahat ng iba pang pangangalaga.

Paano ako Makaka-apply?

Para mag-apply para sa tulong pinansiyal, kakailanganin mong punan ang nasusulat na aplikasyon at magbigay ng mga pangsuportang dokumento, tulad ng inilarawan sa Patakaran sa Tulong Pinansiyal at aplikasyon para sa Patakaran sa Tulong Pinansiyal.

Ascension
Providence Rochester
Hospital

Exhibit D

Paano Ako Makahihingi ng Tulong para sa Aplikasyon?
Para sa aplikasyon sa Patakaran sa Tulong Pinansiyal, maaari kang makipag-ugnayan sa Financial Counseling Office sa Ascension Providence Rochester Hospital sa (248) 652-5334.

Paano Ako Makakukuha ng mas Maraming Impormasyon?
Makakukuha ng mga kopya ng Patakaran sa Tulong Pinansiyal at aplikasyon sa Patakaran sa Tulong Pinansiyal sa https://healthcare.ascension.org/Financial-Assistance/Michigan at sa lahat ng mga lokasyon ng Pagrehistro at Financial Counseling Office. Maaari rin makatanggap sa koreo ng mga libreng kopya ng Patakaran sa Tulong Pinansiyal at Patakaran sa Tulong Pinansiyal sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa Financial Counseling Office sa (248) 652-5334. Makukuha rin ang dagdag na impormasyon tungkol sa Patakaran sa Tulong Pinansiyal sa Financial Counseling Office sa Ascension Providence Rochester Hospital o sa pamamagitan ng telepono sa (248) 652-5334.

Paano kung Hindi Ako Karapat-dapat?
Kung hindi ka kwalipikadong makatanggap ng tulong pinansiyal sa bisa ng Patakaran sa Tulong Pinansiyal, maaaring kwalipikado ka para sa iba pang uri ng tulong. Para sa mas maraming impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan sa Financial Counseling Office sa Ascension Providence Rochester Hospital na nasa 1101 West University Rd., Rochester, MI 48307 o sa pamamagitan ng telepono sa (248) 652-5334.

Mababasa ang mga salin ng Patakaran sa Tulong Pinansiyal, ng aplikasyon at mga tagubilin sa Patakaran sa Tulong Pinansiyal, at buod na ito sa mga sumusunod na wika sa aming website at kapag hiniling:

Arabe, Aleman, Hindi, Italyano, Hapon, Koreano, Polish, Ruso, S. Tsino, Serbo-Croatian, Espanyol, Tagalog, Biyetnames